



December 2024 Issue

IMUS, MAHAL KONG BAYAN

BAN AAG

OFFICIAL NEWSLETTER PUBLICATION OF THE CITY GOVERNMENT OF IMUS

Tanglaw sa Paskong Imuseño

TAON NG TAGUMPAY AT PAGMAMAHALAN



CITY GOVERNMENT OF IMUS
facebook.com/CityOfImus



CEREMONIAL SWITCHING OF GIANT CHRISTMAS TREE AND CITY PLAZA DÉCOR

Naging hudyat ng pagsisimula ng Kapaskuhan sa Imus ang pagpapailaw sa makukulay at kumukuti-kutitap na mga palamuti at higanteng Christmas tree sa Imus City Plaza noong Disyembre 1, 2024.

Magkakasamang sinalubong ang diwa ng Pasko nina Congressman Adrian Jay “AJ” C. Advincula, Vice Governor Shernan Jaro, Imus City Mayor Alex “AA” L. Advincula, Imus City Vice Mayor Homer “Saki” T. Saquilayan, Cavite Sangguniang Kabataan (SK) Federation President Chelsea Sarno, Konsehal Dennis Lacson, Konsehal Mark Villanueva, Konsehal Yen Saquilayan, Konsehal Igi Revilla Ocampo, Konsehal Sherwin Lares Comia, Konsehal Enzo Asistio, Konsehal Darwin Remulla, Konsehal Atty. Wency Lara, Konsehal Larry Nato, Liga ng mga Barangay (LNB) President Reymundo “RR” Ramirez, Imus SK Federation President Glian Ilagan, dating konsehal Tito Monzon, at dating LNB President AJ Sapitan Jr.

Natunghayan din dito ang pagtatanghal ng talento ng mga artistahing Imuseño, gayon din ang ganap na pagbubukas ng ImuSarap at Saya Bazaar.

Agaw-pansin din ang mga kakaibang disensyo ng traffic lights sa mga kalye sa Imus na gumabay sa maayos na daloy ng trapiko sa buong buwan ng Disyembre.





LIBRENG KAKANIN SA SIMBANG GABI, HANDOG NINA CONG. AJ AT MAYOR AA

Muling naghandog sina Cong. AJ at Mayor AA ng libreng kakanin sa mga Imuseñong Katoliko nitong Disyembre 16, 2024, kasabay ng pagsisimula ng Simbang Gabi.

Ipinagkaloob ang mga libreng bibingka at puto bumbong araw-araw pagkatapos ng alas-kuatro y medya ng umaga na Misa de Aguinaldo sa Katedral ng Imus, Brgy. Poblacion III-A, Saint Martha Parish Church, Brgy. Malagasang II-A, at Immaculate Heart of Mary Parish Bucandala, habang nakatanggap naman ng kakanin ang mga dumalo sa alas-kuatro ng umaga na misa sa St. James the Greater Parish, Brgy. Buhay na Tubig.

Ang Libreng Kakanin sa Simbang Gabi ay handog din ng Team AJAA.



CHRISTMAS TIMBA PARA SA LAHAT

Bukod sa musika at mga kakanin, inihatid din ng lokal na pamahalaan ng Imus ang Christmas Timba sa mga tahanan ng mga Imuseño na sinimulang ipamahagi nitong Disyembre 18, 2024.

Nanguna sa ceremonial distribution sina Cong. AJ, Vice Governor Shernan Jaro, Mayor AA, Vice Mayor Saki, mga konsehal, dating konsehal Tito Monzon, at dating Liga ng mga Barangay President AJ Sapitan Jr.



Napuno ang City of Imus Grandstand and Track Oval ng mga ngiti at himig ng 50,000 Imuseño sa pinakaaabangang “Tanglaw sa Paskong Imuseño Christmas Concert” ng Pamahalaang Lungsod ng Imus noong Disyembre 14, 2024.

Sinabayan ng mga Imuseño ang pag-awit ng bokalista ng “Ang Huling El Bimbo” na si Ely Buendia, ang energetic performance ni Asia’s Soul Supreme KZ Tandingan, at ang panghaharana ng breakthrough artist ng P-Pop na si Maki sa kaniyang kantang “Dilaw.”

Nagpakitang-gilas din sa kanilang pagtatanghal ang rap duo na Juan&Kyle sa kanilang kantang “Marikit sa Dilim,” content creator na si Kween Yasmin na tubong Cavite, at ang Fidelity Band at ang rising artist na si Angela Ken na mula rin sa Imus.

Ang Tanglaw sa Paskong Imuseño Christmas Concert ay bahagi ng taunang selebrasyon ng Kapaskuhan ng Lungsod ng Imus. Layunin nitong hikayatin ang positibong pagtitipon sa komunidad sa pamamagitan ng pagtatanghal ng kahanga-hangang Original Pilipino Music. Tampok din sa gabing ito ang mga paboritong pagkaing Pilipino at iba pang mga aktibidad na handog ng lokal na pamahalaan.

Isang maagang pagbati ng Kapaskuhan ang ipinabatid nina Cong. AJ, Mayor AA, at ng buong Team AJAA.





IMUSAYA SA BIYAHENG AJAA: PAMASCONG HANDOG PARA KINA MANONG TODA

Dalisay na mga ngiti at tuwa ang nakapinta sa mga mukha ng humigit-kumulang 8,000 miyembro ng Tricycle Operators and Drivers Associations (TODA) sa maagang pamasCong handog ng Pamahalaang Lungsod nitong Disyembre 20–21, 2024, sa pamamagitan ng programang ImuSaya sa Biyaheng AJAA: PamasCong Handog para kina Manong TODA.

Naghandog din ng iba't ibang palaro, raffle draw, at regalo sina Cong. AJ, Vice Governor Shernan Jaro, Mayor AA, Board Member Ony Cantimbuhan, mga konsehal, dating konsehal Tito Monzon, at dating Liga ng mga Barangay President AJ Sapitan Jr. kina manong TODA.

Para sa administrasyong Advincula, ang pagkakaisa at pagbibigayan ang dapat mangibabaw tuwing Kapaskuhan.





Sa pangunguna ni Imus City Mayor Alex “AA” L. Advincula, ginanap ang raffle draw ng AAsenso Ka sa Buwis na Binayad Mo 2024 nitong Disyembre 16, 2024, sa New Imus City Government Center.

Grand winners ang tatlong kumpanya sa Imus na nag-uwi ng tig-isang milyong piso. Kinabibilangan ang mga ito ng Annies Candy Manufacturing Corp., Liwayway Marketing Corp., at San Miguel Yamamura Glass Plant. Sampung business at real property taxpayers naman ang nanalo ng P100,000. Ang mga ito ay ang:

- San Miguel Yamamura Packaging Corp.
- Corina Torcuator Ramirez/Hercules Ramirez
- Danilo Ong/Double S2
- Smart Communications
- Aileen Abustan
- Michael C. Ang
- Julio Agana Jr.
- Jayson B. Ladines
- Rita T. Siel
- Juanito De Blas Jr. & Anely De Blas

Samantala, dalawang pung taxpayers ang hinandugan ng P50,000. Narito ang listahan ng mga nabunot: Aida Tan Chua/Robert Chua/George Chua

- Enrico S. Saulog
- Irene P. Obinario
- Ruth & Joshua Jay M. Gallardo
- Pru Life Insurance Corporation of U.K.
- Charina B. Isorena
- PH Global Jet Express Inc.
- Marieta Aranzaso & Patrick Ray Aranzaso
- PCG Golden Plate Food Corporation
- Bobbylito P. Tidoy & Aquilina Jaranillo
- Thelma Manalili
- Caryne L. Alodo
- Chino Aaron M. Reyes
- Angelicum Primarosa Montessori School Inc.
- AVB Motorhub Pilipinas, Inc.
- Goodlife Fastfood Corp. (Jollibee)
- Argeo & Marilou Ranoco
- MCE Rocktech Phils Corp.
- Amicassa
- R/L. Abad Supermarket

Pormal na ring tinanggap ng Annies Candy Manufacturing Corp., Liwayway Marketing Corp., at San Miguel Yamamura Glass Plant ang isang milyong piso nitong Disyembre 23, kung saan personal itong ibinigay ni Mayor AA, Imus City Vice Mayor Homer “Saki” T. Saquilayan at ng buong Team AJAA.

Ang AAsenso Ka sa Buwis na Binayad Mo! ay handog nina Mayor AA at Congressman Adrian Jay “AJ” C. Advincula sa Imuseño taxpayers.



Ilang mga aktibidad ang isinagawa ng Pamahalaang Lungsod ng Imus nitong Disyembre 2, 2024, sa pakikibahagi nito sa World AIDS Day 2024 na may temang, "Take the rights path: My health, my right!"

Una nang isinagawa ng Imus Office of the City Health Officer ang World AIDS Day Seminar sa Function Hall, New Imus City Government Center bilang isa sa mga tugon sa patuloy na pagtaas ng mga kaso ng sexually transmitted infections (STI) sa mga kabataan.

Ibinahagi ni City Health Officer Dr. Ferdinand Mina sa humigit-kumulang 200 kabataang Imuseño, kasama na ang mga miyembro ng Sangguniang Kabataan (SK) Federation at mga estudyante, ang kasalukuyang bilang at lagay ng STI, lalo na ang AIDS, sa Imus.


Tinalakay rin niya kung paano sila makaiiwas mula rito, gayon din ang kahalagahan ng paggamit ng contraceptives.

Dinaluhan din ito ni SK Federation President Glian Piolo Ilagan na pinaalalahanan ang mga kabataan sa responsibilidad na kaakibat ng unsafe sex at early pregnancy.

Sa parehong araw din namahagi ang tanggapan ng grocery package sa 50 indigent patients na mayroong HIV.

Ang World AIDS Day ay ginugunita tuwing Disyembre 1 upang malinang sa publiko ang kaalaman tungkol sa panganib na dulot ng sakit na AIDS at HIV nang sa gayon ay maitama ang mga maling impormasyon kaugnay nito, at mabigyang linaw kung paano matutulungan ang mga taong nakararanas ng nasabing sakit.

Libre din ang HIV screening test at ilang contraceptive sa mga health center sa Imus.





IMUS LGU, GINAWARAN NG SEAL OF GOOD LOCAL GOVERNANCE SA IKATLONG TAON

Personal na tinanggap ni Imus City Mayor Alex “AA” L. Advincula ang Seal of Good Local Governance (SGLG) mula sa Department of the Interior and Local Government (DILG) nitong Disyembre 10, 2024, sa Manila City.

Kabilang ang Imus sa 15 lokal na pamahalaan sa Cavite at 48 lokal na pamahalaan sa CALABARZON na pinarangalan ng SGLG.

Ang SGLG ay ang gold standard sa pagsukat ng kahusayan ng mga lokal na pamahalaan sa pamamahala, alinsunod sa 10 governance areas ng DILG.

Ang mga ito ay ang Financial Administration and Sustainability, Disaster Preparedness, Social Protection and Sensitivity, Health Compliance and Responsiveness, Sustainable Education, Business-friendliness and Competitiveness, Safety, Peace and Order, Environmental Management, Tourism, Heritage Development, Culture and the Arts, at Youth Development.



Inilathala ng:
IMUS CITY INFORMATION OFFICE

2F Imus City Government Center

Email:
imuscityinformationoffice@gmail.com

www.cityofimus.gov.ph

EDITORIAL BOARD

Editor-in-Chief: Ervin Ace H. Navarette

Managing Editor: Nikki Elline C. Barco

Head Writer: Francesca Mandac

Art Director: Christian Yunson

Photo Credits: City Information Office
City Tourism and Heritage Office
Office of the Congressman

CONGRATULATIONS! CITY OF IMUS



IMUS LGU NATIONAL SUBAYBAYANI AWARDEE

Iginawad sa Pamahalaang Lungsod ng Imus ang Exemplar Award sa ginanap na 2024 National SubayBAYANI Awards noong Disyembre 3, 2024, na ginanap sa Parañaque City.

Ang pagkilalang ito ay simbolo ng tagumpay ng lokal na pamahalaan sa mga programa at proyektong pang-imprastruktura para sa mas matatag, maginhawa, at panatag na buhay para sa mamamayang Imuseño.

Ilan sa mga imprasktrakturang proyekto ng Imus ay ang mga karagdagang daanan, pagkakabit ng libo-libong streetlights, pagbubukas ng kauna-unahang super health center, pagpapatayo ng mga bagong paaralan, at ang pagtanggap ng mga buntis sa City of Imus Birthing Home na nagdala ng makabuluhang pagbabago sa maraming buhay.

Bahagi ang Imus sa 132 local government units na pinarangalan ng exemplar award.